

Abstract

Set in 2022, in the middle of the pandemic and during a highly polarized national elections, the collection is composed of three flash narratives (dagli) that interrogate rural and urban experiences as geopolitical, socioeconomic, and cultural loci. The two shorter flash narratives portray a semblance of social awakening by tackling the everyday struggles vis-à-vis religious and political cultures of a fifth-class agricultural municipality. The lengthier narrative projects a high school Boys Love (BL) coming-of-age experience during the return to face-to-face classes.

Keywords

Dagli (flash narrative), eleksiyon (election), pandemya (pandemic), boys love, magsasaka (farmer)

English title

Descent and Ascent: Short Narratives

1. Bicycle Ride on Good Friday
2. Parade of Farmers
3. Lady Bug and Dung Beetle

PAGLUSONG AT PAG-AHON: MGA DAGLI

MYKEL ANDRADA

BISIKLETA SA BIYERNES SANTO

Kaninang umaga lang ulit ako nakapagbisikleta. Bago nito, ang huling pagbibisikleta ko ay bago pa magpandemya—noong pumunta ako sa Polland, sa may lagpas ng Amoranto, para bumili ng mainit na hopia. Kanina, unang hinto namin ng kapatid ko ay sa simbahan ng St. Vincent Ferrer Parish sa Sampaloc, Quezon. May dalawang siklista na nagpipiktyur sa higanteng estatwa ni Hesukristo sa may plaza o patio sa tapat ng simbahan. Nang paalis na kami para taluntunin ang mahaba't maalong daan na nag-uugnay sa Sampaloc at Mauban, narinig ko ang isang babaeng kagagaling lang sa simbahan. Sabi niya sa lalaking naglalalag ng mga palay na ibibilad sa araw: “Biyernes Santo ngayon. Bawal magbilad. Pag ika’y nagbilad ay uulan mamaya.”

Madali lang ang padyak papuntang Mauban dahil karamihan ng alon ng daan ay palusong. Ibig sabihin nito, puro paahon pagbalik sa Sampaloc. Makailang inaral ko ang pagpapalit ng gear dahil nalimutan ko na kung alin ang panghigpit at pangluwag. Marami-rami rin ang nagbibisikleta. Marami ring nagmomotor at nagta-tricycle. May ilang pribadong kotse, sa isip-isip ko’y baka mga turista na naghihiganti sa pandemya kaya nagsiluwasan sa probinsiya ngayong Mahal na Araw.

Maliliit at aba ang kalakhan ng mga bahay ng mga magsasakang aming nadaraanan. Halos lahat ng mga bahay ay pinagpaskilan ng malalaking poster ng mga kandidatong pagkalaki-laki ng mga pangalan, ngiti, at pangako. Maninipis ang mga dingding at malalaki ang bintana. May mga nadaraanan kaming mga lalaki na nagbibilad ng palay sa daan. Ang iba’y may mga higanteng sako at net na inilalatag. Ang iba’y sa mismong mainit na mukha ng daan na nagbilad ng mga palay. Madalas ay mga lalaking magsasaka ang nagbibilad ng mga palay, pero may nadaanan akong isang babaeng magsasaka na kay sigasig na nagbibilad ng kaniyang mga palay. Sa hindi kalayuan, matatanaw ang luntiang dambuhalang pigura ng bulubundukin ng Sierra Madre. May mga ibinulong ako sa hangin.

Bago ang rotunda ng Mauban, huminto ako sa tulay. May mga bangka ng mga mangingisda sa tubig. May dalawang lalaki ang nagpapala ng lupa sa pampang. Maliliit ang kanilang mga bahay. Nangungusap ang mga agwat: sementadong tulay, nagkalat na bubog sa tulay, kumakaway na makukulay na plastik na mukha’t pangalan ng mga kandidato, pawisang katawan, nanggigitang maliliit na bahay, taong grasang nakatulala, kumikislap na tubig.

Saglit kaming huminto sa may rotunda ng Mauban. Inikot ko ito. Pagdaka'y tumungo kami sa matandang simbahan. Ilang padyak mula sa simbahan ay nasa plaza sa tabing-dagat na kami. Tinungo namin ang pier—nadaanan ang aligagang palengke at mga tindahan at establisimiyento, ang mga naghuhuntahang marites sa tapat ng kanilang tabi-tabi at tagpi-tagping mga bahay, mga turistang sumasakay sa mga bangka. Sa dulo ng pier, madudungaw ang mga bato sa dalampasigan. May alimangong dahan-dahang naglalakad sa batuhan. Naririnig ko ang dagat. May isang lalaking nakatanaw sa dagat.

Habang pinipiktyuran ko ang bisikletang hiniram ko at ang anino nito, may narinig akong sumisipol ng isang pamilyar na kanta. Agad akong humanga. Hindi ko matandaan ang lyrics at pamagat ng kanta. Hindi “Baleleng” ang kanta, pero tingin ko’y kapanahunan nito. Lumilingalinga ako para hanapin kung saan nanggagaling ang sipol. Sa gilid ng nakaparadang tricycle, nakita ko ang binatang sumisipol. Nakaupo siya sa sahig, naka-shorts, sunog sa araw at init ang balat, maikli ang buhok, nakatanaw sa malayo, nagpapalilim sa anino ng tricycle. Malakas ang kaniyang pagsipol-kanta, bigay na bigay, ika nga. Ngunit nang mapansin niyang nakatingin ako sa kaniya, bigla siyang yumuko at pinahina ang pagsipol.

Pabalik sa Sampaloc, sa gitna ng paghabol ng hininga sa puro paahon na alon ng daan, pilit kong inaalala ang pamagat ng kantang sinisipol ng lalaki. Hindi ko maalala. Hindi ko mahagilap. Hindi ko rin maintindihan kung bakit—at hanggang kailan—kailangang mahiya at yumuko ng mga taal at masa sa mga dumadayo sa kanilang sariling bayan. #

PARADA NG MGA MAGSASAKA

Napadadalas ang mga parada dito sa bayan ng hipag ko. Halos dalawang dekada na akong dumadayo rito tuwing tag-init. Mga isaw na daan sa bundok ng Sierra Madre ang lulusungan at aahunan para makarating sa fifth class na municipality na ito. Isa itong bayan ng mga magsasaka. Bandang alas singko ng umaga pa lang ay maririnig mo na ang nakapagkape nang boses ng mga naglalako ng pandesal, sinantol, tamales, pati ng bagong-hangong bangus at bagong-sakang gulay. Kapag nagmulagat na ang araw, maglalata ng mga palay sa kalye ang mga magsasaka. Habang inilalatag ang mga palay, kapag pagmamasdang mabuti, sumasama sa hangin ang mala-pulbos na hibo ng mga palay.

Pero nitong Abril at Mayo, napadadalas ang mga parada rito sa bayan ng mga magsasaka. Kaya napadadalas din ang anunsiyo mula sa trompa ng pulis na itabi muna ang mga palay. Sinimulan sa Parada ng mga Santo at parada sa Pasko ng Pagkabuhay noong Mahal na Araw. Sinundan ito matapos ang isang linggo ng parada para sa Pista ni San Vicente Ferrer, ang patron ng bayan. Sa pagitan ng mga ito, lalo na pagtuntong ng Mayo, halos araw-araw ang parada at motorcade ng mga kandidato.

Kaninang umaga, inabangan ng mga tao ang Parada ng mga Magsasaka. Ang nagsasalimbayang tunog ng tambol at lira ay hudyat na paparating na sila. Sa malayo pa lang ay tanaw na ang mga nagsasayaw na bandila at dalagita. Sa likod naman ng mga binatilyo't dalagitang naghahatid ng tunog at kulay ay may higanteng tarpaulin ng pangalan ng mayor, na tumatakbo muling mayor, na dati na ring naglingkod bilang kongresista. Sa likod ng tarpaulin ay ang pulutong ng mga kandidatong lahat ay nakasuot ng asul na polo shirt. Abot-tenga ang kanilang mga ngiti at masisigla ang kanilang pagkaway. Pinangungunahan sila ng mayor na tuwing humihinto ay kumakaway at sumasayaw ng “Paroparo G,” isang kantang sinasayaw na sumikat sa Tiktok. Letrang G din ang simula ng pangalan ng mayor.

Sa likod ng mayor at ng mga kandidato, hila-hila ng mga magsasaka ang mga kalabaw at hila-hila naman ng mga ito ang mga karitong-bahay na pinalamutian ng mga sariwa't makukulay na gulay. Makukulay ang balat ng mga kalabaw na pinintahan ng mga pangalan ng mga barangay. Bakas sa mga mukha ang pagod, kapuwa ng kalabaw at ng magsasaka. Masigla ang tugtog habang hubad sa saplot ang talampakan ng mga aba.

Saglit na naghiyawan ang madla, na parang binuhusan ng tubig, nang may kalabaw na huminto dahil uhaw na uhaw. Saglit na naghiyawan nang may kalabaw na bumaling sa kaliwa, taliwas sa diretsong ruta na itinakda ng parada. Saglit silang naghiyawan at nagising, tulad nang minsang mabalitaan, nitong nakalipas lang na ilang buwan, na may mga magsasakang pinaslang ng mga unipormado. At alam nila, alam ng lahat, na walang engkuwentrong naganap. #

LADY BUG AT SUBSOB-TAE

“Bring all your belongings,” ang sabi ng class adviser naming si Miss Judith. Pinapunta niya kaming lahat sa likod. Hindi ko alam kung bakit pero sumunod na lang ako. Isa ako sa mga nahuling pumunta sa likod. Hindi ako sanay sa maraming tao. Bukod sa estranghero ako sa paaralang ito, dalawang taon akong nakakulong sa bahay dahil sa pandemya. Nakayuko akong naglakad papunta sa likod, yakap-yakap ko ang bag ko. Ingat na ingat akong hindi mabunggo ang mga upuan.

Kahit nakarating na sa likod ay nakayuko pa rin ako. Makikintab ang mga sapatos ng mga kaklase ko. Iyong iba pasimpleng nagbibiruan at nagtatapakan ng sapatos. “Binibinyagan” ang pinakamakikintab at halatang bagong mga sapatos habang ako naman ay tahimik na pinagkikiskis sa loob ng sapatos ang hinlalaki at hintuturo ng magkabilang paa ko. Hindi ko na matandaan kung kailan ko napulot ang rituwal na iyon tuwing kinakabahan ako, pero napapakalma ako nito. Nada-divert, kumbaga, ang isip ko mula sa kaba. Biglang naramdaman kong may pumitik sa kaliwang tenga ko. Mahina lang naman kaya hindi masakit. Pagtingin ko sa likod, bumungad ang isang pamilyar na mukha, nakasuot ng salamin at nakangiti. Si Jojo! Kaklase ko si Jojo mula Grade 4 hanggang Grade 6 sa Dominican School, sa may gilid ng University of Santo Tomas. Hindi man kami close ni Jojo noong elementary pero kahit paano’y nakagaan sa pakiramdam ang pamilyar na mukha.

“Dito ka rin pala nag-enroll. Sana tabi tayo ng seat,” bulong ni Jojo. Tumango ako at ngumiti nang mahiyain. “Sana nga,” ang matipid kong sagot. Pagkasabi ko noon ay biglang nagsalita na ulit si Miss Judith: “You will be assigned seats according to your surnames. You will be arranged alphabetically.” Sa may fourth row napunta si Jojo dahil nagsisimula sa R ang apelyido niya. Sa ikalawang upuan malapit sa pintuan ako napunta. Nagsisimula sa letter A ang apelyido ko. Nagpaikot ng bond paper na may nakasulat na mga kahon si Miss Judith. Iyon ang aming “seating arrangement.” Isulat daw namin sa kahon na nagrerepresenta ng kinauupuan namin ang aming mga kompletong pangalan, pero una ang apelyido.

Mula sa kinauupuan ko sa first row, natatanaw ko ang CR. Katapat na katapat ng pintuan ng classroom namin ang napakalapit na CR. Kung gugugulin ko ang buong araw sa pagtanaw sa CR, malalaman ko kung sino-sino ang pumapasok at lumalabas doon. Wala ni isa sa aming magkakaklase ang nasanay sa panghing nagmumula sa pinagsama-

samang likido ng mga pantog ng lalaki. Pumapasok ang sangsang ng panghi sa lahat ng butas na kaya nitong suotan papunta sa classroom namin. Nag-iisa pa naman ang electric fan sa loob ng classroom. Isang higanteng ceiling fan pero sa sobrang bagal ay hindi nito kayang paikutin ang hangin.

Kapag sa first row ka nakaupo, asahan mo nang para kang may balakubak pagkatapos ng bawat klase. May iba pa palang silbi ang face mask. Chalk ang ginagamit ng mga teacher namin sa pagsusulat sa blackboard, na hindi naman kulay itim kundi kulay matapang na green. Sulat dito, sulat doon. Bura rito, bura roon. Kaya lumilipad ang mga alikabok ng chalk na parang maliliit na mga ibon at dumadapo para gawing mga pugad ang buhok namin. May nakatakda na “taong eraser” o “taga-erase” tuwing pagkatapos ng isang subject. Walang gustong maging taga-erase, kasi pagkatapos mong burahin ang lahat ng nakasulat sa board ay para ka nang nagpolbo. Wala ka namang takas, maliban na lang kung may hika ka o allergy.

Si Miss Judith din ang teacher namin sa Science I. Iyon ang kasunod na subject ng homeroom kaya hindi na siya umalis. Inilabas niya ang class record niya ng Science I para sa checking ng attendance. Apelyido pala ang tawagan sa exclusive boys high school. Madalang ang gumagamit ng first name. Hindi ako sanay. Apelyido ang tinatawag ng teacher pag attendance. Ang seating arrangement at ang pag-assign ng taga-erase ay nakabatay din sa apelyido. Alphabetical lahat. Sa loob-loob ko, okay na rin na isa ako sa laging una para tapos na agad. Kapag nasa first row ka, parusa man ang alikabok ng chalk at ang panghi ng CR, mas dinig mo naman ang teacher at mas kita mo ang mga isinusulat sa board.

Tinanong kami ni Miss Judith na kung magiging insekto raw kami ay anong insekto ang gugustuhin naming maging kami. Ganito pala kapag high school, may mga tinatanong na wala sa textbook. May mga tinatanong na hindi ko pa naman napag-isipan kahit kailan. Maraming sumagot ng tutubi at paruparo. May isang naglakas ng loob na ang sagot ay ipis. Si Gomez. Nagtawanan ang mga kaklase namin. Pero tumigil din sila agad nang sabihin ni Gomez na kahit nuclear radiation ay kayang labanan ng ipis. Walang sumagot ng lamok. May sumagot ng praying mantis kasi ganoon din daw siya na laging nagdarasal sa Diyos at malakas ang pananampalataya. Sana hindi ako tawagin, sa loob-loob ko. May isasagot naman ako kaso nagdadalawang-isip ako. Sabi ni Miss Judith na

magtatawag na siya ng last.

Tumingin ako kay Miss Judith na nakayuko na't titig na titig sa seating arrangement. Nililibot ng kaniyang mga mata ang mga apelyidong nakasulat sa bawat kahon. Pagkatingala niya, direktso siyang tumingin sa akin. "Mr. A, what insect would you want to be?" Sumagot ako nang mahina. Nakatingin ako sa kaniya pero mahina lang ang boses ko, iyong sana ay marinig niya pero hindi na marinig ng mga kaklase ko. "Louder please, Mr. A," sabi ni Miss Judith. "Lady bug po," ang isinagot ko sabay yuko. Nagtawanan ang mga kaklase ko. Narinig ko iyong nasa likod ko na sabi sa katabi niya na "Gusto niyang maging babaeng bug?" Sinaway ni Miss Judith ang mga nagtatawanan at sinabi na lady bug ang common name ng isang klase ng bug at hindi lahat ng lady bug ay babae. Ang totoo, maraming lady bug sa kalye namin, sa mga damo at halamang bulaklak sa tabi ng kanal. Makintab ang balat ng lady bug. May pula, may green, at may orange pa! Napakaganda nilang pagmasdan habang kumakain ng mga dahon at damo. Hindi mo sila agad mahahalatang naroon dahil aakalain mo na palamuti o disenyo sila ng mga halaman. Saka madalas na nasa ilalim sila ng mga dahon kaya kailangan mo pang silipin o kayay baliktarin ang mga dahon para makita ang mga ito.

Pero kahit na ano'ng sabihin ni Miss Judith ay nagtatawanan at nagbubulungan pa rin ang mga kaklase ko. Hindi ko alam, pero bigla akong nagtaas ng kamay. Tinawag ako ni Miss Judith. Sabi ko, "Miss Judith, may I change my answer?" Tumango siya. Yumuko ulit ako at sabi ko, "Instead of a lady bug, I'd like to be a subsob-tae."

Lalong nagtawanan ang mga kaklase ko. Ako pa rin ang pinag-uusapan nila hanggang recess. Hanggang last period namin, may mga naririnig pa rin akong nagsasabi ng "lady bug" at "subsob-tae." Iyong iba, dinaragdagan at binabago, nagiging "lady bug libag" at "supsop-tae." Hinintay kong makaalis ang lahat sa classroom nang tumunog na ang bell na uwian na. Walang nagbura ng mga nakasulat sa board. Inilagay ko na ang lahat ng ballpen at lapis sa pencil case ko. Isinilid ko sa backpack ko ang pencil case, pati ang notebook at libro ko sa last period namin. Ayoko pang lumabas ng classroom kahit niyaya ako ni Jojo na sabay na kaming umuwi. Sabi ni Jojo na huwag ko na raw isipin 'yong "lady bug libag" at "supsop-tae." Tumango lang ako. Kinuha ko na lang ang eraser at nagsimulang burahin ang mga naiwang nakasulat sa board. Malalaking letra at iba't ibang kulay ng chalk ang ginamit ng teacher namin para isulat ang mga salitang GOD'S LOVE at iba pang

salita na nasa taas, kanan, kaliwa, at ilalim nito. Ang O sa LOVE ay puso ang ginamit sa halip na letter “O.”

Tinagalan ko ang pagbubura ng mga nakasulat sa board. “Tracing as erasing” ang tawag doon. ‘Yong parang sinusulat mo ulit ‘yong nakasulat sa board pero gamit ang isang dulo ng eraser. Umakyat ako sa upuan ng teacher para burahin iyong mga nakasulat na hindi ko abot. Mga salitang tulad ng “Christian Living and Values Education,” “family,” “friends,” “classmates,” at “special someone.” Itinira ko ‘yong puso. Hindi ko binura. Pinagpag ko na ang mga alikabok ng chalk na kumapit sa mga daliri, palad, at likod ng kamay ko, pati sa braso.

Papagpagin ko na sana ang mga balakubak ng chalk na kumapit sa buhok ko nang biglang may sumigaw ng “Huwag!” Pagtingin ko sa may pintuan, nakatayo siya. Siya na hindi ko pa alam ang apelyido. Siya na may tinahing biyak sa labi. Siya na may malapad na balikat. Nakasampay sa harap niya ang backpack niyang kulay pula. Nakapamulsa ulit ang mga kamay niya. Lumapit siya sa akin habang dahan-dahang inilalabas ang mga kamay niya mula sa pagkakabulsa. “Bakit mo binura? Nag-CR at drinking fountain lang ako. Ako’ng taga-erase.” Hindi ako nagsasalita. Pinagkikiskis ko ang mga hinlalato at hintuturo ng magkabilang paa ko. “Saka huwag mong pagpagin ng kamay ‘yang buhok mo. Lalong magkaka-chalk.” Pagkasabi niya nito ay itinago ko sa likod ko ang mga kamay ko na para bang may kasalanan akong gustong ikubli. “Buti hindi mo binura ‘tong heart.”

Nang akma na akong pupunta sa upuan ko para kunin ang bag ko, inabutan niya ako ng tissue. Pantanggal daw ng polbo ng chalk sa mukha ko. Pagkakuha ko ng tissue at saglit ko sanang tatanggalin ang face mask ko, ambilis na ng mga pangyayari. Kinukuskos na niya ng mga palad niya ang buhok ko. Nakita ko. Nakita kong lumipad ang mga balakubak ng chalk paalis ng buhok ko. Maliliit na ibong lumaya mula sa hawla ng buhok. #